REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-109

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG DATING PUNONG-GURO, BB. CATALINA MOLERA.

*************************************************************

SAPAGKAT, bilang dating guro hanggang maging punong-guro, naipamalas at naipagkaloob ni Bb. Catalina Molera ang isang maayos, matapat, buong dedikasyon at dalisay na paglilingkod sa tungkuling kanyang ginagampanan;

SAPAGKAT, si Bb. Molera ay hindi lamang magaling at mabuting lingkod ng bayan kungdi isa rin na ulirang kapatid, mabuting anak ng kanyang mga magulang at mahusay at napakabait na kaibigan na madaling lapitan at nakahandang magbigay ng kanyang tulong kaninuman;

SAPAGKAT, ang kanyang matapat at mabuting paglilingkod ay karapat-dapat bigyan ng buong-pusong pagkilala't pagpapahalaga dahil siya'y mistulang muog na nagsisilbing huwaran ng isang tunay na lingkod ng bayan;

SAPAGKAT, maging sa pagbabalik niya sa pribadong buhay ay di pa rin siya nakalimot na maglingkod sa kanyang mga kababayan lalo na ang mga kapus-palad na lubos niyang pinahahalagahan;

SAPAGKAT, sa masinsinang pagmamasid at pamamatnubay sa mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralang kanyang pinaglingkuran sa halos kalahating dekada ng buong katapatang pagtuturo't walang bahid ng kapaguran ay nakapagdulot ng mayabong at maunlad na mga mamamayan na kinikilala ngayong sa larangan ng medisina, inhenyeriya , pulitika, pambabatas at iba pa;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ay napagpasiyahan na magkaloob ng kanilang taos-pusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga naulila at mahal sa buhay ng dating Punong-Guro, Bb. Catalina Molera at bilang panghuling paggalang ay pinagkaisahan ng Kagalang-galang na Kapulungan na mag-alay ng bulaklak at Watawat ng Pilipinas at sumama sa mga naulila sa paghahatid sa huling hantungan sa magiting at pinakamamahal na guro Bb. Catalina Molera.

PINAGPASIYAHAN PANG MULI, na basahin ang Kapasiyahang ito ng Kalihim ng Sangguniang Bayan at ang pagbibigay ng orihinal na sipi ng Kapasiyahang ito sa mga naulila ni Bb. Catalina Molera.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA NG LAHAT NG KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN SA KANILANG IKA-60TH REGULAR NA PULONG NGAYONG OKTUBRE 18, 1993 SA MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
KGG. ROMAN E. NIEFES
KGG. ARTURO S. BUNYI
KGG. MELCHOR R. TEVES
KGG. NOLASCO L. DIAZ
KGG. ERNESTO A. CARUBIO
KGG. VICENTE Y. CHUA

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
KGG. DANTE S. ALMARIO
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
KGG. REY E. BULAY
KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
KGG. REYNALDO A.ABAS, JR.
KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan